# *Ang Buhay Pagkatapos ng Kamatayan Yugto 6*
# *Ang Pagkabuhay ni Cristo*

***"23 At pakabanalin kayong lubos ng Dios din ng kapayapaan; at ang inyong espiritu at kaluluwa at katawan ay ingatang buo, na walang kapintasan sa pagparito ng ating Panginoong Jesucristo." (1 Tesalonica 5:23 KJV)***

Marami ang itinuturo ng Banal na Kasulatan tungkol sa kabilang buhay. Pinag aralan natin ang katawan, ang kaluluwa at ang espiritu ng tao. Ngayon ay pag aaralan pa natin ang mga Banal na Kasulatan upang magkaroon ng kamalayan sa kung ano ang magaganap pagkatapos ng kamatayan.

Ang pagkabuhay ni Cristo ay parehong katawan nangg ipinako si Cristo gaya ng mababasa natin ditto: ***"36 At samantalang kanilang pinaguusapan ang mga bagay na ito, siya rin ay tumayo sa gitna nila, at sa kanila'y nagsabi, Kapayapaa'y suma inyo. 37 Datapuwa't sila'y kinilabutan, at nangahintakutan, at inakala nila na nakakakita sila ng isang espiritu. 38 At sinabi niya sa kanila, Bakit kayo'y nangagugulumihanan? at bakit nangyayari ang pagtatalo sa inyong puso? 39 Tingnan ninyo ang aking mga kamay at ang aking mga paa, ako rin nga: hipuin ninyo ako, at tingnan; sapagka't ang isang espiritu'y walang laman at mga buto, na gaya ng inyong nakikita na nasa akin. 40 At pagkasabi niya nito, ay ipinakita niya sa kanila ang kaniyang mga kamay at ang kaniyang mga paa. 41 At samantalang hindi pa sila nagsisisampalataya dahil sa galak, at nagsisipanggilalas, ay sinabi niya sa kanila, Mayroon baga kayo ritong anomang makakain? 42 At binigyan nila siya ng isang putol na isdang inihaw." (Lucas 24:32-42 KJV)*** Si Cristo ay tunay na nabuhay sa katawan; siya ay hindi espiritu kundi sa laman at buto, kumain din Siya kasama ng Kanyang mga alagad.

Sa ***Juan 20*** pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay mababasa natin ang sinabi ni Jesus kay Maria Magdalena, ***"17 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Huwag mo akong hipuin; sapagka't hindi pa ako nakakaakyat sa Ama, nguni't pumaroon ka sa aking mga kapatid, at sabihin mo sa kanila, Aakyat ako sa aking Ama at inyong Ama, at aking Dios at inyong Dios." (Juan 20:17 KJV)*** Sinasabi Niya sa kanya, ***"Huwag mong akong hipuin"*** ibig sabihin hindi pa siya kaluluwa, kundi isang tunay na nabuhay na maguling katawan gaya ng mababasa pa natin sa kabanatang ito. ***"19 Nang kinahapunan nga, nang araw na yaon, na unang araw ng sanglinggo, at nang nangapipinid ang mga pintong kinaroroonan ng mga alagad, dahil sa katakutan sa mga Judio ay dumating si Jesus at tumayo sa gitna, at sa kanila'y sinabi, Kapayapaan ang sumainyo. 20 At nang masabi niya ito, ay <u>kaniyang ipinakita sa kanila ang kaniyang mga kamay at ang kaniyang tagiliran.</u> Ang mga alagad nga'y nangagalak, nang makita nila ang Panginoon. 21 Sinabi ngang muli sa kanila ni Jesus, Kapayapaan ang sumainyo: kung paanong pagkasugo sa akin ng Ama, ay gayon din naman sinusugo ko kayo. 22 At nang masabi niya ito, sila'y hiningahan niya, at sa kanila'y sinabi, Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo; 23 Sinomang inyong patawarin ng mga kasalanan, ay ipinatatawad sa kanila; sinomang hindi ninyo patawarin ng mga kasalanan, ay hindi pinatatawad. 24 Nguni't si Tomas, isa sa labingdalawa, na tinatawag na Didimo, ay wala sa kanila nang dumating si Jesus. 25 Sinabi nga sa kaniya ng ibang mga alagad, Nakita namin ang Panginoon. Nguni't sinabi niya sa kanila, Malibang aking makita sa kaniyang mga kamay ang butas ng mga pako, at maisuot ko ang aking daliri sa butas ng mga pako, at maisuot ko ang aking kamay sa kaniyang tagiliran, ay hindi ako sasampalataya. 26 At pagkaraan ng walong araw ay muling nasa loob ng bahay ang kaniyang mga alagad, at kasama nila si Tomas. Dumating si Jesus, nang nangapipinid ang mga pinto, at tumayo sa gitna, at sinabi, Kapayapaan ang sumainyo. 27 <u>Nang magkagayo'y sinabi niya kay Tomas, idaiti mo rito ang iyong daliri, at tingnan mo ang aking mga kamay; at idaiti mo rito ang iyong kamay, at isuot mo siya sa aking tagiliran</u>: at huwag kang di mapanampalatayahin, kundi mapanampalatayahin. 28 Sumagot si Tomas, at sa kaniya'y sinabi, Panginoon ko at Dios ko." (Juan 20:19-28 KJV)***

Nang sinabi ni Jesus kay Maria Magdalena, ***"Huwag mo akong hipuin; sapagka't hindi pa ako nakakaakyat sa Ama, "nguni't pumaroon ka sa aking mga kapatid,"***¸ ang nais Niyang sabihin sa kanya, na hindi na kailangang pumunta at hipuin Siya ngayon, dahil hindi pa Siya nakakaakyat sa Ama gaya ng sinabi Niya, ***"sapagka't hindi pa ako nakakaakyat sa Ama"*** kundi Siya ay mananatili nang sumandali kasama nila; gaya ng batid natin na Siya ay nanatili ng apat na pung araw pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay. Ngunit sa sandaling iyon nais Niyang pumunta siya sa Kanyang mga alagad gaya ng iniutos Niya sa kanya ang sumusunod: ***"nguni't pumaroon ka sa aking mga kapatid, at sabihin mo sa kanila, Aakyat ako sa aking Ama at inyong Ama, at aking Dios at inyong Dios."***Iyon ay mas madaliang bagay para sa kanya na gawin kaysa hipuin Siya; na pumunta sa Kanyang mga alagad, gaya ng tinawag Niya silang Kanyang mga kapatid, ay mas kaygat niyang gawin, dahil itinakwil Siya ng Kanyang mga alagad at lumayo sa Kanya nang Siya ay arestuhin, at sila'y nangalito at kinailangang ang iba ay pumunta sa kanila upang hikayatin sila.

Bakit kailangan ni Jesus na siya ang pumunta sa kanila at hindi Siya mismo ang pumunta?

1. Ginawa Niyang kautusan na kailangan nating pumunta sa mga taong pinanghihinaan ng loob, mahina ang puso, nalilito, may karamdaman, walang pag asa, maging sa mga nagtakwil at tinalikuran si Cristo.
2. Ginawa Niya kautusang ito na ang Dios ay maaaring makipag usap sa kanila (at sa atin ngayon) sa pamamagitan ng mga taong tumanggap ng mensahe at ipinadala ni Cristo upang magsalita para sa Kanya. Pinahahalagahan ko na gustung-gusto ng mga tao na makinig at marinig ang personal na pakikipag-usap ng Dios sa kanila. Ngunit sa ilang pagkakataon hindi gagawin ng Dios iyon, ngunit gagamitin Niya ang mga tao upang makipag usap na ipinadala Niya, Kaya dapat nating sikaping huwag makaligtaas ang mga ito.

Sa aklat ng Mateo nang ang babaeng si Maria Magdalena at ang ibang babaeng kasama niya, ay dumalaw sa puntod at matapos na ipahayag ng anghel sa kanila ang pagkabuhay ni Cristo, sila'y yumaon upang sabihin sa Kanyang alagad. Habang sila'y nasa daan sinalubong sila ni Jesus, at inutusan sila na sabihin sa Kanyang mga alagad ang mensahe na kailangan nilang pumaroon at makipagkita sa Kanya sa Galilea. ***"9 At narito, sila'y sinalubong ni Jesus na nagsasabi, Mangagalak kayo. At sila'y nagsilapit at niyakap ang kaniyang mga paa, at siya'y sinamba. 10 Nang magkagayo'y sinabi sa kanila ni Jesus, Huwag kayong mangatakot: magsiyaon kayo at sabihin ninyo sa aking mga kapatid na magsiparoon sa Galilea, at doo'y makikita nila ako." (Mateo 28:9-10 KJV)*** Ang sumusunod na mga talata mababasa natin ang sumusunod: ***"11 Samantala ngang sila'y nagsisiparoon, narito, ang ilan sa mga bantay ay nagsiparoon sa bayan, at ibinalita sa mga pangulong saserdote ang lahat ng mga bagay na nangyari. 12 At nang sila'y mangakipagkatipon na sa matatanda, at makapagsanggunian na, ay nangagbigay sila ng maraming salapi sa mga kawal, 13 Na nangagsasabi, Sabihin ninyo, Nagsiparito nang gabi ang kaniyang mga alagad, at siya'y kanilang ninakaw samantalang kami'y nangatutulog. 14At kung ito'y dumating sa tainga ng gobernador, ay siya'y aming hihikayatin, at kayo'y aming ilalagay sa panatag. 15 Kaya't kinuha nila ang salapi, at kanilang ginawa alinsunod sa pagkaturo sa kanila: at ang pananalitang ito ay kumalat sa gitna ng mga Judio, at nananatili hanggang sa mga araw na ito. 16 Datapuwa't nagsiparoon ang labingisang alagad sa Galilea, sa bundok na sa kanila'y itinuro ni Jesus." (Mateo 28:11-16 KJV)*** Walang nabanggit tungkol sa kababaihan na ipinaalam ng babae sa mga alagad, ngunit ang binanggit na ang mga alagad ay pumunta sa Galilea sa bundok kung saan itinakda ni Jesus na makipagkita sa Kanya, Tiyak na ang babae ay pumunta at ipinaalam sa kanila.

Sa Evangelio ni Marcus ay ipinaalam sa atin ang sumsunod:

***"1 At nang makaraan ang sabbath, si Maria Magdalena, at si Mariang ina ni Santiago, at si Salome, ay nagsibili ng mga pabango, upang sila'y magsiparoon at siya'y pahiran. 2 At pagkaumagang-umaga nang unang araw ng sanglinggo, ay nagsiparoon sila sa libingan nang sikat na ang araw. 3 At kanilang pinaguusapan, Sino kaya ang ating mapagpapagulong ng bato mula sa pintuan ng libingan? 4 At pagkatingin, ay nakita nilang naigulong na ang bato: sapagka't yao'y totoong malaki. 5 At pagkapasok sa libingan, ay kanilang nakita ang isang binata na nakaupo sa dakong kanan, na nararamtan ng isang damit na maputi; at sila'y nangagitla. 6 At sinabi niya sa kanila, Huwag kayong mangagitla: hinahanap ninyo si Jesus, ang Nazareno, na ipinako sa krus: siya'y nagbangon; wala siya rito: tingnan ninyo ang dakong pinaglagyan nila sa kaniya! 7 Datapuwa't magsiyaon kayo, sabihin ninyo sa kaniyang mga alagad at kay Pedro, Siya'y nangunguna sa inyo sa Galilea: doon siya makikita, ayon sa sinabi niya sa inyo.*** (Dito ang babae ay inutusan na pumaroon at sabihn sa Kanyang mga alagad na pumaroon sa Galilea upang makipagkita sa Panginoon sa lugar na nauna niyang itinakda sa kanila na nabasa natin sa ***Mateo 28:10.***) ***8 At sila'y nagsilabas, at nagsitakas mula sa libingan; sapagka't sila'y nagsipangilabot at nangagitla: at hindi sila nangagsasabi ng anoman sa kanino man; sapagka't sila'y nangatatakot. 9 Nang siya nga'y magbangon nang unang araw ng sanglinggo, ay napakita muna siya kay Maria Magdalena, na sa kaniya'y pitong demonio ang pinalabas niya. 10 Siya'y yumaon at ipinagbigay alam sa mga naging kasamahan ni Jesus, samantalang sila'y nangahahapis at nagsisitangis.*** (Si Maria Magdalena ay pumaroon at ipinaalam sa Kanyang mga alagad kung anong kanyang narinig, na siya ay nabuhay mula sa mga namatay. Siya ay pumaroon at ipinahayag ang mabuting balita sa Kanyang mga alagad na na nanangis). ***11 At sila, nang kanilang mabalitaan na siya'y nabuhay, at nakita ni Magdalena, ay hindi sila nagsipaniwala.*** (Ang mga alagad ay hindi nagsipaniwala, at tiyak na sila'y hindi naniniwala na inutusan siya ni Jesus na sabihin sa kanila na pumaroon sa Galilea upang makipagkita Panginoon). ***12 At pagkatapos ng mga bagay na ito ay napakita siya sa ibang anyo sa dalawa sa kanila, nang sila'y nangaglalakad na patungo sa bukid.*** (Malamang ang dalawang mga alagad ay nakita si Jesus sa daan ng Emmaus, gaya ng binasa natin sa ***Lucas 24:13-33***). ***13 At sila'y nagsiyaon at ipinagbigay-alam ito sa mga iba: at kahit sa kanila'y hindi rin sila nagsipaniwala. 14 At pagkatapos siya'y napakita sa labingisa samantalang sila'y nangakaupong nagsisikain; at pinagwikaan sila sa kawalan nila ng pananampalataya at katigasan ng puso, sapagka't hindi sila nagsipaniwala sa nangakakita sa kaniya pagkatapos na siya'y magbangon.*** (Dito nakatagpo ni Jessu ang mga alagad gaya sa ***Juan 20:19-20*** at sa ***Lucas 24:36-42)***)" ***(Marcus 16:-14)*** Ang binanggit sa Marcos na pinagsabihan sila ni Jesus dahil sa kanilang kawalang pananampalataya bago sila nahikayat na pumunta sa Galilea.

Bago pa man pumunta ang mga alagad sa Jerusalem para sa kapistahan ng Paskua, kung saan ipinako at binuhay na muli ng ating Panginoon. Pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay na mag uli ay inatasan Niya silang katagpuin Siya sa Galilea sa isang tiyak na lugar. Bakit sa Galilea? Dahil pagkatapos ng kapistahan ng Paskua ay kailangan nilang bumalik sa kanilang mga tahanan na nasa Galilea.

Sa Galilea Siya ay nakipagkita sa kanila na mababasa natin sa aklat ng Mateo at inutusan sila ng mga sumusunod: ***"16 Datapuwa't nagsiparoon ang labingisang alagad sa Galilea, sa bundok na sa kanila'y itinuro ni Jesus. At nang siya'y kanilang makita, ay kanilang sinamba siya; datapuwa't ang ilan ay nangagalinlangan. 18 At lumapit si Jesus sa kanila at sila'y kaniyang kinausap, na sinasabi, Ang lahat ng kapamahalaan sa langit at sa ibabaw ng lupa ay naibigay na sa akin. 19 Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo: 20 Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo: at narito, ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan" (Mateo 28:16-20 KJV)***

Pagkatapos ng pagpupulong sa Galilea, patuloy makipagkita ni Jesus sa Kanyang mga alagad. Ipinaalam ni Lucas na Siya ay nakikipagpulong sa Kanyang mga alagd sa loob ng apat na pung araw matapos ng Kanyang pagkabuhay at inutusan Niya sila na huwag umalis ng Jerusalem, kaya marahil iyon ay pagkatapos Niyang makipagkita sa kanila sa Galilea upang bumalik sila sa Jerusalem nanghihintay para sa Kapistahan ng Linggo (ang kapistahan ng Pentecoste) at doon inutusan Niya sila na huwag umalis sa Jerusalem hanggang tanggapin nila ang kapangyarihan mula sa itaas gaya ng mababasa natin dito: ***"1 Ang unang kasaysayan na ginawa ko, Oh Teofilo, ay tungkol sa lahat na pinasimulang ginawa at itinuro ni Jesus, 2 Hanggang sa araw na tanggapin siya sa kaitaasan, pagkatapos na makapagbigay siya ng mga utos sa pamamagitan ng Espiritu Santo, sa mga apostol na kaniyang hinirang; 3 Na sa kanila nama'y napakita rin siyang buhay, sa pamamagitan ng maraming mga katunayan, pagkatapos na siya'y makapaghirap, na napakikita sa kanila sa loob ng apat na pung araw, at nagpahayag ng mga bagay tungkol sa kaharian ng Dios: 4 At, palibhasa'y nakikipagpulong sa kanila, ay ipinagutos niya sa kanila na huwag silang magsialis sa Jerusalem, kundi hintayin ang pangako ng Ama, na sinabi niyang narinig ninyo sa akin: 5 Sapagka't tunay na si Juan ay nagbautismo ng tubig; datapuwa't kayo'y babautismuhan sa Espiritu Santo na di na malalaunan pa. 6 Tinanong nga siya nila nang sila'y nangagkakatipon, na nangagsasabi, Panginoon, isasauli mo baga ang kaharian sa Israel sa panahong ito? 7 At sinabi niya sa kanila, Hindi ukol sa inyo ang pagkaalam ng mga panahon o ng mga bahagi ng panahon, na itinakda ng Ama sa kaniyang sariling kapamahalaan. 8 Datapuwa't tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Espiritu Santo: at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kahulihulihang hangganan ng lupa." (Mga Gawa 1:1-8 KJV)*** Ang Kanyang utos sa kanila ay huwag umalis ng Jerusalem upang tanggapin ang kaloob ng Banal na Espiritu gaya ng ipinangako Niya sa kanila gaya ng mababasa rin natin sa Lucas, ***"At narito, ipadadala ko sa inyo ang pangako ng aking Ama, datapuwa't magsipanatili kayo sa bayan, hanggang sa kayo'y masangkapan ng kapangyarihang galing sa itaas." (Lucas 24:49 KJV)***

Habang sila'y nasa Jerusalem sa Kanyang huling pakikipagpulong sa kanila. Siya ay iniakyat sa Langit gaya ng mababasa natin dito: ***"9 At pagkasabi niya ng mga bagay na ito, nang siya'y tinitingnan nila, ay dinala siya sa itaas; at siya'y tinanggap ng isang alapaap at ikinubli sa kanilang mga paningin." (Mga Gawa 1:9 KJV)***Mababasa rin natin sa ***Lucas 24, "50 At kaniyang dinala sila sa labas hanggang sa tapat ng Betania: at itinaas niya ang kaniyang mga kamay, at sila'y binasbasan. 51 At nangyari, na samantalang sila'y binabasbasan niya, ay iniwan niya sila; at dinala siya sa itaas sa langit. 52 At siya'y sinamba nila, at nagsibalik sila sa Jerusalem na may malaking galak: 53 At palaging sila'y nasa templo, na nangagpupuri sa Dios." (Lucas 24:50-54 KJV)*** at ito rin ay mababasa natin sa ***Marcus 16, "19 Ang Panginoong Jesus nga, pagkatapos na sila'y mangakausap niya, ay tinanggap sa itaas ng langit, at lumuklok sa kanan ng Dios. 20 At nagsialis sila, at nagsipangaral sa lahat ng dako, na gumagawang kasama nila ang Panginoon, at pinatototohanan ang salita sa pamamagitan ng mga tandang kalakip. Siya nawa." (Marcos 16:19-20 KJV)***

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ang pagkabuhay na muli ng katawan ni Cristo at ang Kanyang pag akyat sa Langit ay dakilang balita para sa buong sangkatauhan. Sa mga nakakakilala sa Kanya na aliwin sa kanilang mga pagsubok at problema upang sila ay mahikayat at magtiyaga na sumulong sa kanilang paglalakbay sa buhay upang maglingkod sa Dios. Sa mga hindi nakakakilala kay Cristo, upang magkaroon ng pag asa na may kabilang buhay, at may Panginoon na makapagliligtas sa kanila at magbibigay sa kanila ng buhay na walang hanggan. Ito ang pag asa ng lahat ng tao na ang kamatayan ay hindi ang katapusan ng buhay kundi kamatayan, sa pamamagitan ng dakilang sakripisyo ni Jesus sa krus para sa ating mga kasalanan, ay isang pintuan lamang para sa buhay na walang hanggan, at upang makasama ang Panginoon at magpakailanman, nang walang pagdurusa, karamdaman, pagtangis o kasakitan.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat sa iyo para sa iyong*

*Salita na ginawang malinaw ang mga bagay sa akin at ginawa mong maunawaan ko na kay Jesus ay may pagkabuhay at walang hanggang buhay pagkatapos ng kamatayan.*

*Ating ipahayag at talikuran ang ating mga kasalanan, upang tayo'y maging handa kapag si Cristo ay dumating upang dalhin tayo kasama Niya sa Langit. Talikdan ang mga pagdududa, kawalan ng pananampalataya, pagsuway, katigasan ng ulo, panlalait sa iba, atbp.*

*Panginoon patawarin mo ako sa mga sumusunod na mga kasalanan ________________________________________.*

*Panginooon ipinangako ko ang aking sarili na mamuhay para sa iyo at paglingkuran ka. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na sabihin sa iba ang tungkol sa iyo upang makikilala ka at maligtas. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na pumaroon sa mga nasa mga pagdududa at sa mga nasa kapighatian at naiwang walang pagasa; na ako'y makaparoon sa kanila at ibigay sa kanila ang mabuting balita na nais mo silang makatagpo at gamitin sila para sa iyong kaluwalhatian. Panginoon salamat para sa iyong pagtawag sa akin. Handa kong ipamuhay ang aking buhay upang tulungan ang iba at dalhin sila sa iyo. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na magbunga pa ng bunga ng Banal na Espiritu; pagibig, kapayapaan, kagalakan, kagandahang loob, kabutihan, pananampalataya, katapatan, kahinauhan, pagpipigil sa sarili, mahabang pagdurusa, pagtitiis, kababaang loob, at katuwiran, upang makita ng mga tao si Jesus sa aking buhay, at maging mas epektibo sa paglilingkod sa iyo.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na ipinangako ang kanilang buhay para mamuhay para sa iyo. Panginoon puspusin sila ng Banal na Espiritu at bigyan sila ng espirituwal na mga kaloob na kailangan nila sa kanilang buhay na magpatuloy at maglingkod sa iyo. Panginoon protekahan mo sila at tustusan ang lahat ng kanilang pangangailngan upang patuloy silang maglingkod sa iyo.*

*Panginoon pagpalain kami bilang simbahan at pangunahan kami at buksan sa amin ang bagong pintuan upang mag evangelio at gumawa ng bagong mga alagad, Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at tulungan kami na magsanay na bagong mga manggagawa at magtanim ng bagong pag aaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagbig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014

IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com